View metadata, citation and similar papers at core.ac.uk
brought to you by CORE
provided by Ateneo de Manila University: Journals Online

# Paglilitis kay Concepcion Santos de Onggoco[1]

Mitch Cerda

## Ang Interogasyon

*Inaresto si Concepcion Santos de Onggoco[2] noong madaling-araw ng ika-10 ng Pebrero ng taong 1897 sa Bayan ng Maicauaian at dinala sa Fuerza San Miguel noong umaga ng ika-11 ng Pebrero. Sumusunod ang tala ng interogasyon kay Donya Onggoco na isinagawa ni Nicholas Ferrer[3] at ibinigay ang tala ng interogasyon kay Gobernador-Heneral Crisostomo Torres[4] noong ika-12 ng Pebrero.*

---

1. Natagpuan ito ni Atty. Anthony Renato sa mga papeles ng kanyang lolo. Binubuo ng isang kuwadernong may tatlumpong pahina, nakasulat-kamay dito ang kopya ng mga dokumento tungkol sa kaso ni Concepcion Santos de Onggoco. Sabi ni Atty. Renato na isinulat ito ng kanyang ninuno, si Marcial Renato, isang abogado bago at pagkatapos ng Rebolusyong Gabrielano. Hinuha ni Atty. Renato na kinopya ng kanyang ninuno ito mula sa mga orihinal na mga dokumento na bahagi ng mga papeles ng kolonyal na pamahalaan ng mga Kastila bago dumating ang mga Amerikano. Ipinaghati-hati na ni Marcial Renato ang kaniyang tala sa kaniyang kuwaderno ayon sa mga dokumentong kanyang natagpuan: (1) interogasyon, (2) paghahain ng mga krimen laban sa nasasakdal, (3) pag-uusig at paglalatag ng mga patunay ng tagausig, (4) pagtatanggol mula sa mga mga paratang ng tagausig, at (5) paghahatol. Binigyan na rin ni Marcial Renato ng maikling pagpapakilala ang bawat dokumento. Kahit na maliit ang mga titik ng sulat-kamay, malinaw naming nabasa ang kanyang isinulat. At kahit halos isang siglo na ang lumipas, hindi pa rin kumupas ang tinta sa pahina at madali pa ring mabasa. Ayon sa aming pakikipag-ugnayan sa *Archivo Nacional* ng Madrid, nasa *Archivo Nacional* ang orihinal na kopya ng mga dokumentong kinopya ni Marcial Renato.

2. Natatangi si Concepcion Santos de Onggoco (1870-1931) dahil sa pakikibahagi niya (o maaaring di inaasahang pakikisangkot) sa Himagsikang Gabrielano laban sa Espanya. Bagaman nilitis siya at hinatulan, inurong ang kanyang parusa bago matapos ang himagsikan at pinawalang-sala ang lahat ng mga paratang pagkatatag ng rehimeng Amerikano dito sa San Gabriel. Ito ang unang pagkakataon na mababasa ang transkripsiyon ng kanyang interogasyon at paglilitis nang buo. Bago pa nito, puros mga haka-haka ang bumabalot sa kanyang pangalan at sa panahong iyon ng himagsikan. Makapagdagdag sana ang mga bagong dokumento na ito ng kaalaman sa mga mag-aaral ng kasaysayan ng San Gabriel.

3. Si Teniente Nicholas Ferrer (1873-1922) ang *juez intructor* para sa Fuerza San Miguel. Galing Madrid, Espanya, dumating siya sa San Gabriel noong 1895. Isa siya sa mga sundalong huling sumuko sa mga Amerikano noong 1898.

4. Tatlong buwan pa lamang ang lumilipas nang makarating ng San Gabriel si Gobernador-Heneral Crisostomo Torres (1854-1912) at akuin niya ang responsibilidad

Dumating sa Fuerza San Miguel noong ika-11 ng Pebrero 1897 si Concepcion Santos de Onggoco. Isa siyang katutubo ng Bayan ng Santa Ana. Siya ay nasa gulang, balo, at isang maybahay. Hindi pa siya nauusig o nasasakdal sa kahit na anong krimen.

**Tanong:** Kilala ba niya si Jose Onggoco;[5] isa ba siyang kamag-anak o kaibigan; isa ba siyang kaaway, o tinitingnan ba siya bilang isang kaduda-dudang tao.

**Sagot:** Kinikilala ng bilanggo si Jose Onggoco bilang kanyang asawa.

**T:** Kilala ba niya si Marcelo Dapdap…[6]

**S:** Kilala ng bilanggo si Marcelo Dapdap bilang matagal nilang tagapaglingkod at kinikilala bilang isang kaibigan. Naging tagapaglingkod si Dapdap ng bilanggo bago pa man magpakasal ang bilanggo kay Jose Onggoco.

**T:** Kilala ba niya si Gervacio Palando…[7]

**S:** Nakilala ng bilanggo si Gervacio Palando pagkatapos magsimula ang himagsikan at naging isa sa mga katiwala si Palando ni Jose Onggoco. Bagaman naging katiwala ni Don Onggoco, isang kaduda-dudang tao si Palando para sa bilanggo dahil sa mga ginawa nito nang mamatay si Don Onggoco sa kabundukan at akuin ang pamumuno ng pulutong ng Kapatiran na dating pinamunuan ni Don Onggoco.

**T:** Kilala ba niya si Cecilla Gardoso…

**S:** Kinikilala ng bilanggo si Cecilla Gardoso bilang isang kaibigan. Isa si Gardoso sa mga naging katiwala ng pamilya Onggoco nang manirahan sila sa Santa Ana bago magsimula ang himagsikan.

---

na labanan ang mga naghihimagsik na Gabrielano. Isang magaling na heneral sa pakikipagdigma, nakipaglaban siya tungo sa pagkapanalo laban sa mga naghihimagsik. Sunod-sunod na laban ang kanyang naipanalo hanggang kamuntikan nang matalo ang hukbo ni Alfredo Garido sa mga Burol ng Sabang. Ngunit nagbago ang daloy ng labanan nang sumiklab ang digmaan sa pagitan ng Espanya at Estados Unidos.

5. Jose Onggoco (1863-1897). Isa sa mga utak ng Himagsikang Gabrielano. Naging heneral at nahalal na kalihim ng Kataas-taasang Kapatiran para sa Ikagiginhawa ng Inang Bayan. Makikita sa transkripsiyon na ito ang isang bahagi ng pang-araw-araw at domestikong buhay niya kasama ang kanyang asawa.

6. Bago pa man ng interogasyon na ito kay Concepcion Santos de Onggoco, nahuli na si Marcelo Dapdap. Hindi na ngayon makita ang kopya ng kanyang deposisyon laban sa kanyang dating amo.

7. Sinasabing naging pangatlong pinuno ng hukbong pinamunuan nina Jose Onggoco at Leon Monticillo, galing sa isang maylupang pamilya si Gervacio Palando (1871-1903). Namatay siya dahil sa sakit na kolera na kumalat sa San Gabriel noong 1903.

**T:** Kilala ba niya si Felipe Santo Tomas…[8]

**S:** Kilala ng bilanggo si Felipe Santo Tomas. Ipinakikilala ang bilanggo kay Don Santo Tomas ni Jose Onggoco noong Abril ng taong 1889. Mayroong isang handaan noon sa tahanan ni Don Julian Vega sa Calle Herrera sa Catalina.[9] Isang kaibigan ang pagkakakilala ni Don Onggoco kay Don Santo Tomas subalit may mga katangian si Don Santo Tomas na hindi gusto ng bilanggo at tinitingnan si Don Santo Tomas bilang isang kaduda-dudang tao. Ganito ang pagtingin ng bilanggo kay Don Santo Tomas dahil sa yabang nito at di-mapantayang pagmamalaki sa sarili at tinitingnan ng bilanggo na may malaking inggit si Don Santo Tomas kay Don Onggoco. Pinatutunayan ito ng bilanggo sa naging gawi ni Don Santo Tomas sa handaang iyon. Naging maingay si Don Santo Tomas sa kabuuan ng handaan na iyon dahil sa pagkalasing at halos hindi na nito kayang maglakad nang tuwid. Hindi nagbago ang ganitong pagkakakilala ng bilanggo kay Don Santo Tomas nang magsimula ang himagsikan. Maraming salaysay si Don Onggoco sa bilanggo sa mga panggigipit na ginawa ni Don Santo Tomas upang maging mahirap ang himagsikan para kay Don Onggoco at sa pamumunuan nitong hukbo.

**T:** Kilala ba niya si Federico Garcia…[10]

**S:** Nakilala ng bilanggo si Federico Garcia sa parehong handaan ni Don Julian Vega. Isang mabuting tao ang pagkakakilala ng bilanggo kay Don Garcia at minsang tinulungan sila sa paghahanap ng doktor nang minsang magkasakit ang anak ng bilanggo noong taong 1895.[11] Dahil dito'y itinuturing ng

---

8. Ipinanganak si Felipe Santo Tomas (1866-1912) sa Catalina at nag-aral sa Madrid noong 1880. Naglathala sa Espanya ng mga libro tungkol sa San Gabriel at tinaguri ang sarili bilang isang conde. Naging sekretaryo ng Kapatiran noong 1897 at naging pangalawang pangulo ng pamahalaang rebolusyunaryo noong 1898. Isa siya sa mga unang sumuko sa mga Amerikano at humimok sa iba pang mga Gabrielano na sumuko na rin at makipagtulungan sa mga Amerikano. Naging isa siya sa mga pangunahing tagapamagitan para sa pagsuko ng mga naghihimagsik na Gabrielano.

9. Nakasama sa natupok ng sunog na kumalat sa Catalina noong 1924 ang tahanang ito ni Don Julian Vega (1860-1921). Ipinangalan kay Don Julian Vega noong 1960 ang kalyeng iyon na dating tinatawag na Herrera.

10. Naging isa sa mga pinakapinagkakatiwalaang heneral ni Alfredo Garido si Federico Garcia (1865-1929). Siya ang nagpatuloy ng himagsikan pagkatapos mamatay si Garido bagaman kinailangan din niyang sumuko noong 1903 dahil sa kakulangan ng salapi, bala at iba pang mga pangangailangan kasabay ng kumakalat na sakit ng kolera.

11. Magkakaroon ng dalawang anak na lalaki sina Don at Donya Onggoco, si Hermundo Onggoco (1891-1944) at Hector Onggoco (1896-1967). Si Hermundo Onggoco ang marahil tinutukoy dito. Nang magsimula ang himagsikan, ipinadala ang magkakapatid na Onggoco sa pangangalaga ng kapatid ni Donya Onggoco sa Catalina.

bilanggo si Don Garcia bilang isang kaibigan.

**T:** Kilala ba niya si Alfredo Garido…[12]

**S:** Nakilala ng bilanggo si Alfredo Garido sa isang pagpupulong na idinaos sa kanilang tahanan noong ika-4 ng Hunyo ng taong 1895 at dinaluhan ng mga pangunahing negosyante ng Catalina at ng mga karatig bayan. Kinikilala ng bilanggo si Don Garido bilang isang kaibigan. Walang luho sa katawan o gawi, isang payak na tao ang pagkakakilala ng bilanggo kay Don Garido at magalang kung magsalita. Nang abala ang bilanggo sa paghahanda ng makakain ng bisita sa kusina, napadaan doon si Don Garido dahil naghahanap ito ng maiinom na tubig. Buong galang siyang humingi ng tubig at ilang beses nagpaumanhin sa pag-abala sa paghahanda nila ng pagkain. Bagaman ganito ang pagkakakilala ng bilanggo kay Don Garido, kinikilala rin nito ang angking tapang ni Don Garido dahil sa kahabaan ng pagpupulong na iyon ay nagpakita siya ng lakas ng loob sa gitna ng mga debate't pagtatalong nilahukan niya. Hindi siya nagpatalo kahit na hindi niya naabot ang antas ng edukasyon ng mga kapulong niya't kadebate. At bagaman hindi mataas ang kanyang naabot na pag-aaral, may angkin siyang talino at galing na hindi maikakaila sa lalim ng mga salitang kanyang binitawan noong gabing iyon. Nang magsimula ang himagsikan, si Don Garido ang pinakapinagkakatiwalaan ni Don Onggoco sa pamunuan ng Kapatiran at ganoon din ang antas na pagtitiwala ng bilanggo.

**T:** Sino-sino ang nasa pagpupulong na iyon noong ika-4 ng Hunyo ng taong 1894 bukod kay Jose Onggoco at Alfredo Garido.

**S:** Ipinagtapat ng bilanggo na naroon sina Federico Garcia, Felipe Santo Tomas, Gaudencio Tanao, Hermenigildo Gomez, Carlos Cosico, Julian de los Reyes, Renato de Leon, Miguel Manuel Regalado,[13] at Lope Fernan

---

Mamamatay sa pakikipaglaban sa mga Hapones noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig si Hermundo Onggoco habang magiging kilalang politiko at senador si Hector Onggoco.

12. Ang unang pangulo ng Republika ng San Gabriel, nanggaling sa isang payak na pinagmulan si Alfredo Garido (1864-1902). Anak ni Felipe Garido, isang mangangalak ng zacate, at ni Ursula Pandan, hindi nakapagtapos ng mataas na pag-aaral si Alfredo Garido dahil sa kamatayan ng kanyang ama. Pinamunuan ang pagtatayo ng Kapatiran, isang lihim na organisasyon na inihahanda ang himagsikan laban sa mga Kastila. Namatay siya sa Burol Baston, malapit sa Bayan ng Calilim, nang barilin at patayin siya ng isang espiyang Gabrielano sa pag-uutos ng mga Amerikano noong Agosto 23, 1902. Ipinagdiriwang ang Agosto 23 bilang isang Araw ng Pag-alala sa buong San Gabriel.

13. Miguel Manuel Regalado (1869-1923). Bagaman naroon sa handaan si Miguel Manuel Regalado, hindi siya naging bahagi o tagapagtatag ng Kapatiran at hindi siya naging miyembro nito. Nakatira siya sa Paris, Pransiya noong 1887 at doon

Perez.[14]

**T:** Paano ba nakilala ng bilanggo si Jose Onggoco.

**S:** Nakilala ng bilanggo si Jose Onggoco noong siya ay dalaga pa. Nag-aaral siya noon sa Escuela de Sagrada Familia at nakatira sa dormitoryo ng nasabing paaralan.[15] Ipinakilala siya kay Don Onggoco ng kapatid nitong si Ursula Onggoco nang makabalik si Don Onggoco mula sa pag-aaral ng pilosopiya at abogasya sa Espanya noong 1886. Pagkatapos noon ay sinimulang ligawan ni Don Onggoco ang bilanggo. Hindi natatangi ang histura ni Don Onggoco para sa bilanggo subalit hindi niya matatawaran ang sipag ni Don Onggoco dahil sa masugid nitong panliligaw.[16] Napaibig na rin ang bilanggo kay Don Onggoco at nang matapos siya ng pag-aaral sa Escuela de Sagrada Familia, inalok siya ni Don Onggoco ng kasal. Kanyang tinanggap ang alok at nagpakasal sila noong Disyembre 12 ng taong 1888.

**T:** Bukod sa pag-aaral, alam ba niya ang mga ginawa ni Jose Onggoco sa Europa.

**S:** Kakaunti lamang ang alam ng bilanggo tungkol sa mga gawain ni Don Onggoco sa Europa. Tanging alam lamang niya ay mula sa mga ikinuwento sa kanya ni Don Onggoco, ng kapatid nitong si Ursula o ng mga kakilala. Alam niyang naging aktibo si Don Onggoco sa mga gawain ng isang pahayagang Gabrielano sa Madrid tulad ng paglalathala ng ilang sanaysay at artikulo subalit hindi nabasa ng bilanggo ang mga iyon. Maliban sa ilang pagbanggit ng iba't ibang gawaing iyon, wala nang ibang alam ang bilanggo dahil nang magpakasal sila ni Don Onggoco ay nagkaroon sila ng normal na buhay bilang mag-asawa. Sa tulong ng mga magulang nila ay nagtayo sila ng pagawaan ng damit at payong sa Catalina subalit kinailangan nilang iwan iyon nang lumipat sila sa Santa Ana nang magkasakit ang kanyang

---

nakilala ang marami sa mga magiging tagapagtatag ng Kapatiran tulad nina Federico Garcia at Jose Onggoco. Nang pumunta siya sa San Gabriel dahil sa kanyang pananaliksik, inimbita siya sa handaan. Dahil sa kaniyang pagiging miyembro sa Komisyong Gabrielano, naging mataas ang kaniyang katungkulan sa pamahalaang kolonyal ng Estados Unidos sa San Gabriel. Isa siya sa mga naging natapagtulak na maging teritoryo at estado ang San Gabriel ng Estados Unidos.

14. Karamihan sa mga pangalan na ito, maliban kay Miguel Manuel Regalado, ay naging bahagi ng pamunuan ng Kapatiran kung hindi man naging heneral sa himagsikan. Ngayon, lahat din sila'y may sariling kalye sa nakapangalan sa kanila sa Catalina.

15. Itinayo ang Escuela de Sagrada Familia ng mga madreng Dominiko noong 1821 at nagsara noong 1909.

16. Mayroon lamang na tangkad si Jose Onggoco na limang talampakan at limang pulgada. Higit na matangkad si Donya Concepcion ng dalawang pulgada.

ama.

**T:** Alam ba niya kung isang Mason si Jose Onggoco.[17]

**S:** Ayon sa bilanggo, madalas pumunta sa mga pagpupulong si Don Onggoco subalit hindi niya inalam noong una kung para saan o tungkol sa ano ang mga pagpupulong. Inaamin ng bilanggo na nalaman lamang niya ang pagiging Mason ni Onggoco nang harapin ng bilanggo ang kanyang asawa tungkol sa mga gabing papuslit itong umaalis. Doon ipinagtapat sa kanya ni Don Onggoco ang pagiging Mason nito. Bagaman marami siyang naririnig na masama tungkol sa mga Mason, nilinaw sa kanya ni Don Onggoco na isang inosenteng samahan ang Masoneriya at ang mga pagpupulong nila'y nakatuon sa pagpapabuti ng kalagayan ng San Gabriel.

**T:** Naging kasapi ba ang bilanggo sa Masoneriya.

**S:** Hindi kailaman naging bahagi o sumali sa Masoneriya ang bilanggo.

**T:** Alam ba niya kung sumasamba si Jose Onggoco sa mga diyos na Tsino.

**S:** Sinasabi ng bilanggo na bagaman sinabi sa kanyang ni Don Onggoco ang mga pagdadalawang-isip nito sa pananalig kay Hesukristo, hindi niya narinig o nasaksihan na nanalig si Don Onggoco sa mga diyos na Tsino o sa iba pa mang relihiyon.

**T:** Naroon ba siya noong itinatag ang Kataas-taasang Kapatiran para sa Ikagiginhawa ng Inang Bayan na ginanap noong ika-15 ng Hulyo, 1894 sa tahanan ni Federico Garcia.

**S:** Isinalaysay ng bilanggo na naroon nga siya sa pagpupulong na iyon subalit hindi niya alam na isa pala iyong politikal na pagpupulong at noong una'y inakala niyang isa lamang iyong handaan. Nagpaalam si Don Onggoco na makikipagkita siya sa ilang kaibigan matapos nilang magsimbang mag-asawa noong hapon na iyon at dahil kataka-taka ito para sa bilanggo ay nagpumilit siyang sumama kay Don Onggoco. Inaamin ng bilanggo na noon lamang talaga siya naging malay sa politikal na gawain ng kanyang asawa. Nanatili siya roon upang kumbinsihin ang kanyang asawa laban sa isang maling desisyon. Hindi niya namalayan na nakikipagkuro na rin siya sa iba pang mga naroroon. Noon nakumbinsi siya sa pangangailangan ng pagbabago sa San Gabriel bagaman hindi pa rin kumbinsido sa pangangailangan ng himagsikan. Ipinaalam niya sa kanyang asawa ang paniniwalang ito at dahil hindi na mababago ang kanyang isip ay pinauwi

17. Marami sa mga mayayaman at edukadong lalaki sa San Gabriel ay naging bahagi ng Masoneriya. Sumunod, ang mga naging miyembro ng Masoneriya'y naging miyembro na rin ng Kapatiran dahil sa pagkakakilala nila sa Masoneriya.

na siya ni Don Onggoco.[18]

**T:** Ano ang pakikibahagi niya sa Kapatiran noong sumiklab ang himagsikan noong Setyembre ng taong 1896.

**S:** Isinalaysay ng bilanggo na inatasan siya bilang tagakalap ng pagkain at gamot para sa napipintong labanan. Nang magsimula na rin ang labanan, ang bilanggo raw ang namahala sa paggamot at pag-aalaga sa mga sugatan.

**T:** Nakibahagi ba siya sa mga labanan.

**S:** Sinabi ng bilanggo na hindi siya lumaban mula noong magsimula ang himagsikan hanggang nang siya'y mahuli.

**T:** Ano ang nangyari pagkatapos mamatay ang kanyang asawa sa labanan noong ika-28 ng Disyembre ng taong 1896.

**S:** Ayon sa bilanggo, napasailalim ng pamumuno ni Leon Montecillo ang mga tauhan ng kanyang asawa bagaman biglang sumuko't tumiwalag si Montecillo noong ika-2 ng Enero ng taong 1897 at inako ni Gervacio Palando ang pamumuno ng hukbong iyon.

**T:** Ano ang alam niya sa pagpaslang ng mga sundalo noong ika-12 ng Enero ng taong 1987.

**S:** Ayon sa bilanggo, nasa kuta siya noon ng Kapatiran sa Bundok San Pedro nang dalhin ng mga rebelde ang labing-isang sundalong nabihag nila. Siya ang nag-alaga sa mga ito subalit wala na siyang nagawa nang simulang saktan ng mga rebelde ang mga bihag upang kunan ng impormasyon. Hindi na niya natiis ang ganoong uri ng pagtrato sa mga sundalo kaya't noong matapos ang Enero ay bumaba na siya ng bundok at nagtago sa Bayan ng Maicauaian.

Tinapos na ng kagalang-galang na *juez instructor* ang interogasyon sa sandaling ito. Sumang-ayon at pinatotohanan ng bilanggo ang lahat ng nakapaloob sa tala na ito.

Concepcion Santos.—Nicholas Ferrer.—Luis Palmera [*Secretario*]

---

18. Isang malaking haka-haka kung alin nga ba talaga ang naging pakay nina Don Jose at Donya Concepcion sa paglipat nila sa Santa Ana mula Catalina, kung sa pagpapalaganap ba ng Kapatiran ang dahilan o pag-aalaga't paghalili sa nagkakasakit an ama ni Donya Onggoco. Dahil, ayon na rin sa talambuhay ni Federico Garcia, bago pa man dumating sina Don at Donya Onggoco sa Santa Ana ay marami nang kasapi sa Kapatiran.

## Paghahain ng mga krimen laban sa nasasakdal

*Ibinigay ni Kapitan Gaston del Rio,[19] Auditor General del Guerra, ang paunang imbestigasyon sa Gobernador-Heneral noong ika-15 ng Pebrero, 1897 at nakitaan niyang may sapat na ebidensiya[20] laban kay Donya Concepcion Santos de Onggoco para sa krimen ng pagtatatag at pagpapalaganap ng ilegal na samahan at krimen ng paghihimagsik at sumang-ayon si Gobernador-Heneral Crisostomo Torres. Sa parehong araw, ipinaalam kay Donya Concepcion Santos de Onggoco ang mga paratang laban sa kanya at ipinahayag na wala siyang sala sa lahat ng mga paratang. Tinanong din siya kung may ipababago ba siya sa lahat ng kanyang nasabi na sa kanyang interogasyon at wala siyang ipinabago.*

## Pag-uusig at paglalatag ng mga patunay ng tagausig

*Sa ika-17 ng Pebrero, 1897, sinimulang dinggin ang mga ipinaratang na krimen ni Concepcion Santos de Onggoco. Nakapaloob sa susunod na dokumento ang paglalahad ng tagausig na si Carlos de la Madrid, Teniente Auditor.[21]*

Sa pagpapahintulot ng Hukuman, pagkatapos suriin ang paunang imbestigasyon ay sumasang-ayon ang *teneinte auditor* sa mga paunang palagay para sa legal na karampatan ng kaso.

Mahalaga ang kasong ito na inihahain sa kagalang-galang na Hukuman na ito dahil kaugnay ito sa nangyayaring madugong himagsikan sa kapuluang ito. Ang mga katutubo ng lupaing ito, na pinagbuhusan ng Espanya ng di-mabilang na kayamanan ng sibilisasyon na nagbago sa kanila upang maging isa sa pinakamayamang lahi sa Silangan, ay nakalimutan ang kanilang katungkulan bilang mga mamamayan ng Espanya at tinatangka nilang itaas ang tawag ng himagsikan laban sa Patria. Ginawa nila ang mapantaksil na gawain na maghimagsik upang makisabay sa mga kapatid nila sa ibang bahagi ng mundong naghihimagsik din laban sa Patria.[22] Subalit hindi nila inakala ang

19. Isa sa mga pangunahing opisyal si Kapitan Gaston del Rio (1859-1910) ni Gobernador-Heneral Torres. Si Kapitan del Rio ang namahala sa mga papeles na kailangang gawin para sa pamahalaang Espanyol habang nasa gitna ng larangan si Gobernador-Heneral Torres.

20. Pangunahin dito ang deposisyon nina Marcelo Dapdap at Gervacio Palando. Nawala na ang kopya ng kanilang mga deposisyon. Mahihinuha na lamang kung ano nga ba talaga ang sinabi nila batay sa binabanggit ng tagausig na sinabi nila laban kay Donya Onggoco.

21. Isang abogadong sumali sa militar si Carlos de la Madrid (1871-1930). Dinestino siya sa San Gabriel noong 1896.

22. Tinutukoy dito ang paghihimagsik na nagaganap sa Cuba at sa Pilipinas.

kakayahan ng Espanya at napatunayan na ng mga tapat na Anak ng Espanya sa iba pang mga pagkakataon ang kakayahan nilang panatilihing lumilipad ang watawat ng Espanya sa mga lupaing natagpuan at nasakop ng kanilang mga ninuno sa pamamagitan ng tapang at kagitingan.[23]

Si Concepcion Santos de Onggoco, asawa ni Jose Onggoco, ay inuusig bilang isa sa mga pangunahing taong nagpasimuno ng kasalukuyang paghihimagsik na laganap sa lupaing ito. Bilang asawa ni Jose Onggoco, naging mahalagang katuwang siya at kinalauna'y kahalili ng mapanghimagsik na plano ng Kataas-taasang Kapatiran para sa Kalayaan ng Inang Bayan.

Si Jose Onggoco ang nagpondo sa mga unang taon ng Kapatiran at bilang asawa niya'y kaduda-duda na hindi naging bahagi o nakaaalam si Donya Onggoco ng mga gawain ni Don Onggoco.[24] At bago pa man naging bahagi si Don Onggoco ng mapanghimagsik na Kapatiran ay naging bahagi na siya ng mga subersibong organisasyon at mga pahayagan noong mga panahon niya sa Europa at sa mga panahon doon ay nakapagsulat ng ilang sanaysay laban sa Simbahang Katolika at sa Pamahalaang Espanyol. At may mga patunay na sa mga taon nang sinisimulan at itinatatag ang Kapatiran ay naroroon si Donya Onggoco sa mga pagpupulong at kanyang inaamin na sa mismong bahay nila ginaganap ang ilang mga pagpupulong ng Kapatiran.[25] Naroroon siya noong unang magpulong ang mga pangunahing nag-isip ng Kapatiran noong ika-15 ng Hulyo ng taong 1894 sa tahanan ni Federico Garcia ayon na rin sa salaysay ni Marcelo Dapdap, isang katiwala ng pamilya Onggoco at isa si Donya Onggoco sa tatlong babaeng lumagda na nagpapatibay sa pagtatatag ng Kapatiran.[26] Ayon sa salaysay ni G. Dapdap, pagkatapos ng pagpupulong na iyon, si Donya Onggoco ang nagpapaalala sa mga mahahalagang gawain at petsa ng mga susunod na pagpupulong ng Kapatiran. At ang sinasabi niyang wala siyang kabatiran o kaalaman sa mapanghimagsik na gawain ng kanyang

23. Mapapansin ang makabayang pananalita sa panimulang ito ni Carlos de la Madrid at may tunguhin itong antigin ang makabayang damdamin ng mga hukom at pakilingin sila sa kanyang panig.

24. Nanatiling kulang sa salapi at armas ang mga naghihimagsik sa kalakhan ng himagsikan laban sa Espanya at sa Amerika kinalaunan. Kulang ang suweldo sa mga sundalo at hindi lahat ay may baril.

25. Kung babalikan ang interogasyon, hindi ito inamin ni Donya Onggoco at tanging ang pagdalo sa isang pagpupulong ang kanyang inamin. Marahil wala nang kaduda-duda para sa teniente auditor ang pagkakasala ni Donya Onggoco kaya nagkaroon siya ng ganitong pahayag.

26. Hindi na matagpuan ang dokumentong ito na nagsasaad ng mga layunin ng Kapatiran kasama na ng mga lagdang iyon kaya't walang makapagsasabi kung totoo ngang lumagda o hindi si Donya Onggoco. Sa ganito'y hindi nagiging sapat ang mga salita lamang kahit na buong buhay na itinanggi ni Donya Onggoco ang kanyang pagkakasangkot sa Kapatiran.

asawa, na nalaman lamang niya nang magsimula na ang himagsikan, isang kasinungalingan na isa lamang siyang payak na asawang nananatili sa pagsasaayos ng kanyang tahanan.

Isa pang patunay sa pagtalikod ng mga Onggoco sa pananalig sa Simbahang Katolika at katapatan sa Pamahalaan ng Espanya ay ang mga kakaibang mga gawain sa loob ng tahanan ng mga Onggoco na nasaksihan ni G. Dapdap at iba pang mga saksi.[27] Unang-una'y ang pagbabago ng pananampalataya ng mag-asawa mula sa Kristiyanismo sa pananampalatayang Tsino. Isinalaysay ni G. Dapdap na bago pa man maging kasapi at pasimulan ng mga Onggoco ang Kapatiran ay tinalikuran na nila ang pananampalataya sa Diyos Ama, Anak, at Espiritu Santo. Sa labas ng kanilang tahana'y nagkukunwari sila sa tunay na kalagayan ng kanilang pananampalataya. Nagsisimba pa rin sila linggo-linggo at nakikibahagi si Donya Onggoco sa mga relihoyosong gawain tulad ng pagdadamit ng rebulto ng Birheng Maria para sa pista ng Santa Ana bilang bahagi ng pagkukunwari na ito. Subalit sa salaysay ni G. Dapdap, may isang silid na pinapalamutian ng mga Onggoco ng mga imahen ng relihiyong Tsino. Madalas na pumunta sa mga tindahan ng Dalag si Don Onggoco, pagminsa'y di kasama si Donya Onggoco, pagminsa'y kasama, at doon binibili ang mga palamuti sa loob ng silid na iyon. Gabi-gabi'y pumupunta ang mag-asawa sa silid upang, sa hinuha ni G. Dapdap, ay magdasal sa mga diyos-diyosan. Linggo-linggong pumapasok si G. Dapdap upang linisin ang silid na iyon. Sinasabi niyang amoy insenso ang buong silid at mayroon doong mga rebulto ng diyos na tinatawag na *Buda* [sic] na inaalayan ng mga kandila. Nakapaskil din sa dingding ng silid ang iba't ibang larawan ng impiyerno ayon sa banyagang relihiyon at inilalarawan ang doon ang iba't ibang eksena ng pasakit na dinaranas ng mga taong nasa impiyerno sa kamay ng mga demonyo.[28] At kasabay ng pananalig na ito sa relihiyong Tsino, nakibahagi din ang mag-asawang Onggoco sa Masoneriya. Isinalaysay ni G. Dapdap na mula sa mga taong 1890 hanggang 1893, halos buwan-buwang nakikipagpulong s Masoneriya si Don Onggoco at madalas niyang kasama sa mga pulong na ito si Donya Onggoco. At alam naman ng lahat na isang masama at subersibong organisasyon ang Masoneriya na lumalason sa isip at puso ng ating mamamayan. At sa ganito'y nagiging kaduda-duda ang katapatan ni Donya Onggoco sa Pamahalaan ng Espanya dahil kung kaya niyang talikuran ang Simbahan ay hindi nalalayong kaya niyang talikuran kundi man hayagang

27. Kung sino ang "iba pang mga saksi" ay hindi nilinaw ng teniente auditor. Tanging si Marcelo Dapdap lamang ang pinapangalanan sa mga dokumento.

28. Bagaman maaaring may dugong Tsino si Jose Onggoco, hindi na niya tinitingnan ang sarili bilang isang Tsino kundi isang Gabrielano at makikita ito sa mga kasulatang inilathala niya sa iba't ibang pahayagang maka-Gabrielano noong kanyang kabataan. Mahihinuha marahil dito ang rasismo ng mga Espanyol laban sa mga Tsino.

labanan ang Pamahalaan.

At ito nga ang nangyari dahil nang sumiklab ang apoy ng himagsikan laban sa ating Pamahalaan, na pinamumunuan ng mga taksil na tulad ni Alfredo Garido, ay walang pagdadalawang-isip na sumapi si Donya Onggoco sa mga rebelde at matatagpuan siya sa tabi ni Don Onggoco na agad-agad binigyan ng isang dibisyon upang pamunuan. Dalawang buwan bago ang pagsiklab ng himagsikan noong ika-13 ng Setyembre, 1896, lumipat ang mag-asawang Onggoco sa bayan ng Santa Ana sa dahilan na nais daw nilang alagaan ang may sakit na ama ni Donya Onggoco at doon ay inako nila ang pamamahala ng mga lupang pagmamay-ari ng pamilya Santos.[29] Subalit may lihim na dahilan ang paglipat nila dahil doon inatasan si Don Onggoco na pamunuan ang malaking kapisanan ng Kapatiran sa Santa Ana. Nang sumiklab ang himagsikan noong Setyembre, isa sa naging pinakamalaking hukbo ang pinamunuan ni Don Onggoco doon.[30] Ayon sa salaysay ni Gervacio Palando, isang nahuling rebelde sa Santa Ana, nasaksikan niya noong ika-16 ng Setyembre na pinamunuan ni Donya Onggoco ang ilang kasapi ng Kapatiran sa pagsasaayos ng mga pagkain at armas na kakailangin nila para malabanan ang paparating na hukbo ng ating sandatahan. Ayon kay G. Palando, sa hanay nila'y hindi lamang mga kalalakihan ang kasapi ng Kapatiran. Malaking bahagi ng mga kasapi'y mga babae at nakikibahagi sila sa mga tungkulin at gawain na madalas tungkulin at gawain lamang ng mga lalaki.[31] At ang pamumuno ng kompanya ng mga babaeng Kapatid ay iniatang kay Donya Onggoco. Nasaksihan din ni G. Palando noong ika-18 ng Setyembre, nang magsimula ang labanan sa pagitan ng Kapatiran at ng ating Sandatahan, na nakibahagi si Donya Onggoco sa labanan at nasaksihan niyang magpaputok si Donya Onggoco ng baril laban sa ating mga sundalo. At nasaksihan din ni G. Dapdap ang duguang mga kamay ni Donya Onggoco, may hawak-hawak na gulok, nang tumakas sila mula sa Santa Ana noon ika-24 ng Setyembre.[32]

Subalit hindi lamang sa sandaling ito nagpakita ng bangis si Donya

---

29. Noong Agosto ng taong 1896, namatay si Don Pablo Santos, ama ni Donya Onggoco at iniwan niya sa pangangalaga nina Don at Donya Onggoco ang hacienda ng mga Santos.

30. Sinasabing umabot ng isang libo ang dami ng mga kasapi sa Kapatiran ang pinamunuan ni Don Onggoco. Ngunit kulang sa pagsasanay at armas ang mga kasapi ng Kapatiran. At nang sumiklab ang himagsikan ay nahirapang labanan ng mga naghihimagsik ang mga sundalo ng pamahalaang kolonyal.

31. Isa marahil kataka-takang karanasan para sa mga sundalo na makakita ng isang babaeng lumaban sa larangan subalit nananatiling kaunti ang bilang ng babaeng lumaban sa hanay ng mga naghihimagsik.

32. Maaaring duguan ang kamay ni Donya Onggoco dahil binebendahan niya ang sugat ng mga nasugatan.

Onggoco at masasabi pa ngang higit na naging mabangis siya nang mamatay si Don Onggoco noong ika-28 ng Disyembre dahil sa sakit na dumapo rito, sakit na hiyang sa kabundukan.[33] Dahil marahil sa lungkot o galit sa pagkamatay ng kanyang asawa sa gitna ng himagsikang iyon, mabilis na nakikilala ang dibisyon ni Donya Onggoco bilang isa sa pinakamabangis sa lahat ng mga rebeldeng nakakuta sa Bundok San Pedro.[34] Sa mga bayan na dinayo ng hukbo ni Donya Onggoco, hindi masukat na pananalanta ang ginawa niya sa pagmamay-ari ng mga naninirahan. Hinayaan din ni Donya Onggoco na lapastanganin ng kanyang mga rebelde ang mga babae sa mga bayang iyon na kanilang dinayo.[35] Nasaksihan din ni G. Palando ang madugong pananambang ng dibisyon ni Donya Onggoco sa isang kompanya ng mga sundalo sa paanan ng Bundok San Pedro noong ika-12 ng Enero ng taong 1897. Napatay ang higit kalahati ng mga sundalo at ang natira'y binihag ng Kapatiran at dinala sa kanilang kuta. Subalit hindi roon natapos ang pagdurusa ng mga sundalong nabihag ng Kapatiran dahil, habang bilanggo sila sa kuta ng Kapatiran, hindi masukat na pasakit ang dinanas ng mga sundalo. Sa sumunod na dalawang linggo'y iba't ibang pasakit ang ginawa sa kanila. Nakaranas sila ng paglalatigo, pagbubuhos ng kumukulong tubig sa mga kamay, pagbuhos ng tubig sa mga mukhang tinatakpan ng tela, at iba pang hindi na kayang ilarawan ni G. Palando dahil sa pagkakasuklam sa ginawa ng Kapatiran. Naging impiyerno ang kutang iyon para sa mga nabihag na sundalo. At ayon sa ilang sundalong nagbabantay sa mga kampo sa paanan ng bundok umalingawngaw sa kabundukan ang mga iyak ng mga sundalo.[36] Ayon sa mga salaysay nina G. Dapdap at G. Palando, si Donya Onggoco ang namuno sa mga pagpapasakit na ito sa mga binihag na sundalo dahil sa pagnanais niyang makakuha ng impormasyon mula sa mga ito. Subalit kahit na sinabi na ng mga binihag ang lahat ng alam nila o kaya'y sinabing wala silang alam, nagpatuloy pa rin ang pagpapasakit sa kanila. Makikita dito ang kasamaan ng Kapatiran at ni Donya Onggoco sa mga nahuli

33. Hinihinalang namatay si Don Onggoco sa malaria.

34. Inilalarawan si Donya Onggoco, tulad ng madalas na paglalarawan sa mga babae, bilang mga madamdaming mga nilalang na nawalala sa tuwid na isip kapag nagluluksa o nakararanas ng matinding lungkot.

35. May mga kaso ng pang-aabuso ng kapangyarihan sa panig ng mga naghihimagsik, o sa mga sinasabing nagkukunwaring naghihimagsik, at sa mga sundalo ng pamahalaan ngunit karamihan ng mga ito'y tungkol sa paghingi ng salapi at walang naitalang panggagahasa. Maaari ring inilihim o hindi masyadong pinag-usapan ang mga kaso ng panggagahasa dahil sa kahihiyan.

36. May ilang mga kinikilalang heneralang lumaban sa himagsikan tulad nina Bernarda Ponson (1870-1926) at Luciana Catatagan (1873-1950). Ngunit sa kasong ito, hindi talaga naging henerala si Donya Concepcion Onggoco. At sinasang-ayunan ito ng talambuhay ni Federico Garcia na nagtatalaga kay Gervacio Palando bilang bagong pinuno ng hukbong pinamunuan ni Jose Onggoco.

nilang sundalo, taliwas sa pamantayan ng digmaan ng pag-aalaga't pag-aaruga sa mga sundalong nabihag. Isa itong gawain ng isang taong may masamang budhi at ang mga sinasabi ni Donya Onggoco na wala siyang kinalaman sa himagsikang nangyayari ay pawang mga kasinungalingan.

Ayon sa mga salaysay nina G. Marcelo Dapdap at G. Gervacio Palando, itinuturo nila si Donya Concepcion Santos de Onggoco bilang pangunahing tagapagsimula at pinuno ng himagsikan at walang kaduda-duda ang pagkakasala niya laban sa Pamahalaan, laban sa mga taong kanyang sinaktan at pinatay, at laban sa pamantayan ng sangkatauhan. Sa ganito'y pinararatangan ng *Auditor General del Guerra* si Donya Onggoco sa dalawang punto. Una, ang pagtatag ng isang ilegal na samahan, ang Kataas-taasang Kapatiran para sa Kalayaan ng Inang Bayan, na layong magpasimula at magpalaganap ng himagsikan. Pangalawa, ang pamumuno at pagpatay sa mga sundalong tanging gawain ay ipagtanggol ang Pamahalaan at panatilihin ang kapayapaan sa kapuluan. Binibigyang-kahulugan ang mga krimen na ito at ang karampatang parusa sa Artikulo 189, talata 1, at Artikulo 230 kaugnay sa Artikulo 229, talata 1, ng Kodigo Penal[37] ng kapuluang ito. Ang parusa para sa pagtatag ng isang ilegal na samahan ayon sa batas ay *prision correccional* sa pinakamababa hanggang gitnang antas at kabayarang 325 hanggang 3,250 pesetas. Ang parusa naman para sa pamumuno at pagpapalaganap ng isang himagsikan ay habambuhay na pagkakakulong o kamatayan. Para magawa ang ikalawang krimen ay dapat gawin muna ang una. Sa kasong ito ni Donya Onggoco, maaaring ituring ang dalawang krimen na ito bilang isa na maaaring patawan ng parusang kamatayan.

At sa pagbubuod.

Una: Ang mga krimeng ginawa ay pagtatatag ng ilegal na samahan at ang pagpapalaganap ng himagsikan, at kinakailangan ang una upang magawa ang pangalawa.

Pangalawa: May sala ang nasasakdal, si Donya Concepcion Santos de Onggoco, sa dalawang krimen na ito bilang pangunahing tagagawa.

Pangatlo: Dahil isang katutubo ang kriminal, lalong nagiging malala ang ginawang mga krimen.

At dahil dito, hinihiling ng *Auditor General del Guerra*, sa ngalan ng Dakilang Hari (nawa'y bantayan at ipagtanggol siya ng Panginoong Diyos), ang parusang kamatayan kay Donya Onggoco bilang maysala ng mga nasabing mga krimen. Kung hindi ipapataw ang kaparusahang kamatayan, pinapayuhan namin ang Hukuman na ipataw ang parusang panghabambuhay na pagtatanggal ng karapatang sibil at habambuhay na pagmamanman at

37. Binago nang bahagya ang Kodigo Penal noong 1920 at, maliban sa mga pagbabagong idinagdag sa pamamagitan ng mga ipinasag batas, ito pa rin ang tumatayong batas sa San Gabriel laban sa iba't ibang krimen.

pagbabantay ng pulisya at pagbabayad ng 100,000 peso ayon na rin sa hinihiling ng batas.

Mga ginoo, nasa inyo nang mga kamay bilang mga hukom ang tadhana ni Donya Onggoco. Sa sandaling ito, hinihiling ko na bigyang-halaga ang pangangailangan ng katarungan sa ngalan ng mga namatay sa mapantaksil na himagsikang ito, upang na mananatili sa pangangalaga ng Espanya panghabampanahon ang buong San Gabriel. Bigyan ninyo sana ng katarungan ang mga asawa't anak ng mga dakilang sundalo, ng kababaihang nilapastangan, sa mga krimeng ginawa laban sa kanila. Hinihingi ng libo-libong inang umiiyak dahil sa pagkakahiwalay nila sa kanilang mga anak na sundalo. Hinihingi namin ang katarungan bilang kinatawan ng batas sa lupaing ito.

Fuerza San Miguel, ika-17 ng Pebrero, 1897.—Carlos de la Madrid [*Teniente Auditor*]

*Ibinigay ang paglalahad na ito kay Gobernador-Heneral Crisostomo Torres. Noong ika-20 ng Pebrero, nagtalaga si Heneral Pablo Fuentes ng mga hukom para sa paglilitis. Ipinakita ang listahan ng mga hukom*[38] *kay Concepcion Santos de Onggoco noong ika-21 ng Pebrero at sinabi niyang wala siyang pagsalungat sa mga taong itinalaga na maging hukom. Pinirmahan ng bilanggo at ng kanyang tagapagtanggol ang pagsang-ayon sa napiling mga hukom. Sinimulan ang paglilitis kinabukasan, ika-22 ng Pebrero at binasa sa Hukuman ang pag-uusig at paglalatag ng mga patunay ng tagausig.*

## Pagtatanggol mula sa mga paratang ng tagausig

*Sumusunod ang binasang paglalahad ng pagtatanggol sa araw ng paglilitis noong ika-22 ng Pebrero na isinunod pagkatapos basahin ng teniente auditor ang kanyang paglalahad.*

Sa pahintulot ng Hukuman: hinihiling ko, Felipe Domingo Bernardino,[39] *Primer Teniente* ng *Caballeria*, na ihain ang paglalahad ng

38. Mga opisyal sa hukbong kolonyal sa iba't ibang sangay na ito sina Danilo Teodoro Perez (1859-1909), Joaquin Calzado (1864-1919), Fermin Izquierdo (?-1912), Manuel Villalobos (1866-1930), Jose Urdaneta (?-1899), Roberto Salcedo (1860-1929), at Crispin Diaz (1865-?).

39. Naging kaibigan ni Don Onggoco si Felipe Domingo Bernardino nang nasa Espanya si Don Onggoco. Dumating sa San Gabriel si Teniente Bernardino noong 1895. Dahil sa pagkakaibigang ito'y pinili siya ni Donya Onggoco bilang tagapagtanggol niya sa Hukumang-militar.

pagtatanggol kay Donya Concepcion Santos de Onggoco, nasasakdal sa krimen ng paghihimagsik at pagtatatag ng ilegal na samahan.

Bago gawin ang inatasang pagtatanggol, nais kong himukin ang mga hukom na tanggalin ang lahat ng kanilang kinikilingan at maging obhetibo, mga katangian na hinahanap natin sa lahat ng mga hukuman. Subalit hindi ko sinasabing walang ganitong katangian ang ating Hukumang-Militar, sa pangkalahatan man o sa bawat hukom, dahil walang dahilan upang pagdudahan ang kalooban at tatag ng loob ng mga ginoong naririto na magbibigay ng katarungan ayon sa batas at sa kanilang mga konsensiya. Walang-wala. Subalit ang kaligiran na pinaggaganapan ng paglilitis na ito ay masasabing magulo at masalimuot. Tulad ng pagdating ng isang buhawi'y maaaring itapon kahit sino man sa atin sa isang kalagayang di-tiwasay. At dahil dito'y hinihingi kong tanggalin ng mga hukom sa kanilang isipan ang mga kuro-kurong kanilang narinig na maaaring bumahid sa kanilang hatol at upang manatili sa kanilang puso ang katotohanan at katarungan.[40]

Narinig na ninyo ang pagtatangka ng kasamang *teniente auditor* na patunayan na hindi maikakaila ang pagkakasala ni Donya Concepcion Santos de Onggoco sa krimen na pagtatatag ng isang ilegal na samahan at sa pagpapasimuno ng paghihimagsik. Subalit kailangang pabulaanan ang ilang mga bagay. Unang-una ay ang mga patunay na ibinigay. Malinaw na nakasulat sa batas na kailangang patunayan ang pagkakasala ng isang tao batay sa sumusunod na mga paraan:

1) Lantad na patunay
2) Pag-amin ng nasasakdal
3) Mapagkakatiwalaang saksi
4) Testimonyo ng eksperto
5) Opisyal na dokumento
6) Panapos na mga dahilan

Masasabi ko na wala sa anim na mga paraan na ito nanggaling ang patunay ng *teniente auditor*. Dalawa lamang ang pinanggagalingan ng mga patunay nila at ito ay ang mga deposisyon nina G. Marcelo Dapdap at G. Gervacio Palando. Ang isang tunay na saksi ay isang taong nasaksihan ang krimeng ginawa subalit hindi siya nakibahagi sa krimen. Kailangang bigyang-tuon na ang mga nabanggit na "saksi" ay nakibahagi rin sa himagsikan at masasabing hindi mapagkakatiwalaan ang kanilang salaysay dahil maaaring

40. Mainam na ihambing ang panimulang ito ng tagapagtanggol ni Donya Concepcion sa panimula ng teniente auditor. Sa paghihimok na iisantabi ng mga hukom ang kanilang damdamin sa paghahatol, inisip ni Teniente Bernardino na may posibilidad na mapawalang-sala si Donya Onggoco.

isang pagtatangkang linisin ang kanilang pangalan ang mga salaysay na iyon habang idinidiin ang nasasakdal upang maipasa ang sisi't pananagutan. Kaduda-duda kung gayon na italagang "mapagkakatiwalaang saksi" sina G. Dapdap at G. Palando. Hindi dapat ipahintulot ng hukuman na ito ang ganitong pagkakamali at isaalang-alang sana ng mga hukom sa kanilang pagpapasya ang kamaliang ito.

Sa ganito'y ang mga paratang nila, kung ihahambing sa katotohanan, ay malayong-malayo sa makatotohanan at makatarungan. Ang mga salaysay nila tungkol sa pananampalataya ni Donya Onggoco sa relihiyong Tsino at paglagda sa mga panuto ng Kapatiran ay pawang mga kasinungalingan. Walang patunay na maaaring maipakita tungkol sa silid na iyon na sinasabi ni G. Dapdap.[41] Buong buhay ni Donya Onggoco ay ipinamalas niya ang kanyang pananampalataya sa Simbahan at mapapatunayan ng maraming saksi ang kababaang-loob ng nasasakdal. Mapapatunayan ito sa linggo-linggong pagsisimba kasabay ng linggo-linggong pangungumpisal. Kung tunay ngang isa itong pagpapakitang-tao, bakit makikita ang lugod sa kanyang mukha, ayon na rin sa saksing si Bb. Cecilla Gardoso, nang pasimulan ni Donya Onggoco ang libreng pagpapakain sa mga nagugutom na dukha sa tulong ng kura ng Santa Ana.[42] Hinihiling ulit namin ang walang kaduda-dudang patunay sa mga paratang na ito. Wala sa mga ebidensiyang inihain laban sa nasasakdal ang mismong dokumentong binabanggit na sinasabing nilagdaan niya at masasabing sa ngayon ay nasa mundo ng fantasya at hindi sa mundo ng realidad, mga fantasyang nakaugat sa pagnanasa ng mga sinasabing saksi na ito na tanggalin ang pananagutang nakapatong sa kanilang mga balikat tungo sa isang walang-salang tao.

Kung papansinin naman ang sariling salaysay ng nasasakdal, paano maipapaliwanag ang napakalaking ipinagkaiba ng salaysay ni Donya Onggoco sa salaysay ng mga saksing binabanggit ng tagausig? Sa kaso ng pagtatatag at pagpapalaganap ng isang ilegal na samahan, malinaw na walang siyang kinalaman sa pagtatatag at pagpapalaganap ng Kapatiran. Ayon sa kanyang salaysay, ginawa lamang niya ang ninanais ng kanyang asawa at bagaman hindi niya lubos na pinaniniwalaan ang mga tunguhin ng Kapatiran ay ginawa lamang niya ang makakaya niya upang makatulong bilang isang butihing asawa.

41. Nasunog ang bahay ng pamilya Onggoco sa Catalina sa gitna ng himagsikan. Kung totoo man ang mga paratang na ito, nasunog na rin ang ebidensiya.

42. Nang matapos ang himagsikan, ipinagpatuloy ni Donya Onggoco ang kawang-gawang ito. Itinatag niya ang programang pagpapakain sa mahihirap sa tulong ng parokya ng Santa Ana at naging pangunahing patron nito hanggang sa mamatay siya. Isang pundasyon ang itinatag noong 1984 na layuning tumulong sa mahihirap sa pamamagitan ng pagbibigay sa kanila ng pondo o utang bilang panimula sa isang negosyo. Pinangalanan itong Concepcion Santos Onggoco Foundation.

Lubhang labis ang pagpapataw ng parusang kamatayan kay Donya Onggoco dahil lamang sa pagnanais niyang makatulong at maibsan ang pagdurusa ng mga maysakit at ng mga nasugatang sundalo. At kahit na naging bahagi siya ng Kapatiran, hindi pananakit ang kanyang ginawa kundi pag-aalaga at pag-aaruga. Siya ang nagbigay-lunas sa mga sakit at sugat ng mga rebelde at sundalo. Pinatutunayan ito ng salaysay ni Bb. Gardoso, na naging katulong ni Donya Onggoco sa paglulunas ng mga sakit, pagmamanggas ng mga sugat, at pag-aalaga sa mga sugatan. Nasaksihan ni Bb. Gardoso ang sipag at tiyaga ni Donya Onggoco sa pag-aalaga sa mga sugatan, rebelde man sila o sundalo. Si Donya Onggoco ang nakipaglaban upang makakuha ng sapat na pagkain at tubig ang mga sugatan, rebelde man sila o hindi, gayong salat ang lahat sa makakain at maiinom. Ganito ba ang gagawin ng isang taong sinasabi nilang walang makataong pagpapahalaga sa kapwa? Siya rin ang nakipaglaban para sa mabuting pagtrato sa mga nabihag na sundalo sa Bundok San Pedro subalit hindi siya pinakinggan ni G. Palando, na siyang tunay na namuno sa pagpapasakit sa mga sundalong nabihag noon. Isinalaysay ni Rogelio Vega, isang nakatakas na sundalo mula sa kutang iyon ng mga rebelde, na wala ni isang babae ang nanakit sa kanila at pawang mga lalaki lamang ang nasaksihan niyang nanakit sa kanya at sa kanyang mga kasama.[43]

Mga ginoo, isang kamalian na paniwalaan ang mga kasinungalingang ikinakalat ng mga sinasabing saksi ng *teniente auditor*. Husgahan na ang pagkatao ng sinasakdal subalit hindi maikakaila na mabuting kalooban niya. Ang lahat ng ipinararatang sa kanya'y hindi kanyang kasalanan at dapat ipawalang-sala ng Hukumang ito.

Bilang pagtatapos ay uulitin ko ang aking hiling nang simulan ko ang pagtatanggol na ito. Tanggalin ninyo sana ang lahat ng pagkiling at prehuwisyo na nasa inyong isipan at kalooban upang hindi tumaliwas sa katotohanan at katarungan ang Hukuman na ito. Iwaksi sana ninyo sa inyong mga isipan ang larawan ng ating mga kapatid na sundalong namatay o nalumpo ng mga taksil; ng mahihinhin at kagalang-galang na dalagang nilapastangan; ng mga ina, asawa, anak at kapatid na babae na sinusundan ng kanilang mga mata ng kanilang kaluluwa ang matatapang na mga lalaking walang takot na lumalaban at namamatay para sa kadakilaan ng watawat ng Espanya, na nagdarasal sa Kataas-taasan upang manatiling ligtas ang mga lalaking ito. Hindi, ang mga larawan na ito'y nakapagtatanim lamang ng paghihiganti sa ating puso. Isa itong hukuman na layon ay katarungan habang nararapat lamang ang paghihiganti sa larangan ng labanan.

---

43. Isang sundalo mula sa Valencia, si Rogelio Vega (1878-1941) ay nahuli't nabilanggo ng mga naghihimagsik at nang mapalaya'y hindi na muling lumaban para sa hukbo ng Espanya. Umuwi siya sa Espanya pagkatapos dumating ang mga Amerikano.

Dito nagtatapos ang pagtatanggol.
Ika-22 ng Pebrero, 1897—Felipe Domingo Bernardino.

**Paghahatol**

Fuerza San Miguel, ika-22 ng Pebrero, 1897. Ang Ordinaryong Hukumang-Militar na isinagawa ngayong araw, sa pamumuno ni Danilo Teodoro Perez, para sa layuning hatulan si Donya Concepcion Santos de Onggoco sa mga sala ng pagtatatag ng ilegal na samahan at paghihimagsik, ang una'y isang pangangailangan upang magawa ang pangalawa, ay sinuri ang kasong ito nang may pag-iingat pagkatapos pakinggan ang magkabilang panig. At inihahatol ng Hukumang ito na nagkakasala si Donya Concepcion Santos de Onggoco sa mga krimen bilang pasimuno ng mga ito. Iniaatas ng Hukuman na ito na patawan siya ng parusang kamatayan. Kung iurong ang parusang kamatayan, pinapayuhang tanggalan ng lahat ng karapatang sibil at manmanan habambuhay ng awtoridad at magbayad ng multang 120,000 peso sa Pamahalaan at maaaring ipamana ang pagbabayad nito sa mga tagapagmana ng hinatulan.[44] At iniuutos ito ng Hukumang-Militar na sinaksihan namin, ng Pangulo at mga Miyembro nito, at amin ngayong nilalagdaan.

Danilo Teodoro Perez.—Joaquin Calzado.—Fermin Izquierdo.—Manuel Villalobos.—Jose Urdaneta.—Roberto Salcedo.—Crispin Diaz.

---

44. Iniurong ang parusang kamatayan bagaman ipinagbayad si Donya Onggoco ng multa. Isang taong nakulong si Donya Onggoco hanggang dumating ang mga Amerikano at pinalaya na rin siya sa tulong ng pamamagitan ni Felipe Santo Tomas. Pagdating ng unang dekada ng siglo-20, naging malapit silang dalawa at may haka-hakang nagkaroon pa nga ng romantikong relasyon.